# SAN ISIDRO LABRADOR PARISH

## Balanti, San Isidro Cainta Rizal

## MINISTRY OF WORSHIP AND LITURGY




# *MAGNILAY-NILAY SA BAGONG DAAN NG KRUS*

©GospelGifs

***(Most Rev. Ruperto Santos, DD, STL)***

## PAMBUNGAD NA PANALANGIN

(*Lumuhod ang lahat*)

*Sa Ngalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen.*

Panginoong Jesu-Cristo, babalikan naming ngayon sa aming mga puso at isipan ang iyong magpakasakit na paglalakbay patungo sa Kalbaryo upang maganap ang pagliligtas mo sa amin.

Aalalahanin naming ngayon na ang iyong paghihirap ay tanda ng iyong wagas na pag-ibig. Ang iyong pagpasan ng krus ay salamin ng pag-ako mo sa aming mga kasalanan. Ang iyong pagpapakasakit ay sukatan ng iyong pagpapatawad.

Panginoon, sisimulan na namin ang pagtahak sa daan ng krus. Pangunahan mo kami sa pagbagtas ng iyong mga yapak upang ito ay maisagawa namin nang may pagsisisi sa mga nagawa naming mga kasalanan at pagpapapahalaga sa iyong ipinamalas na pag-ibig sa amin.

***Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo, kapaea noong una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.***

## UNANG ISTASYON

## ANG HULING HAPUNAN

**Namumuno:** Sinasamba at pinupuri ka namin, O Cristo.

**Tugon:** Sapagkat sa pamamagitan ng krus ay sinagip mo ang mundo.

Pagbasa sa ebanghelyo ayon kay San Mateo. (26:26-30) (Ihambing sa Mk. 14:22-25; Lk. 22:3-6)

*Samantalang sila'y kumakain, dumampot ng tinapay si Jesus, at matapos ang magpasalamat sa Diyos, kanyang pinagpira-piraso at ibinigay sa mga alagad. "Kunin ninyo ito at kanin: ito ang aking katawan, " wika niya. Hinawakan niya ang saro, nagpasalamat sa Diyos at ibinigay sa kanila. "Uminom kayong lahat nito," sabi niya, "sapagkat ito ang dugo ng tipan, ang aking dugo na mabubuhos dahil sa marami, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan. Sinasabi ko sa inyo na hindi ako iinom nitong alak na mula sa ubas hanggang sa araw na ang bagong alak ay inumin kong kasalo kayo sa kaharian ng aking Ama." At pagkaawit ng isang himno, sila'y nagpunta sa Bundok ng mga Olibo.*

Ang Salita ng Diyos:

**Tugon:** Salamat sa Diyos.

***Pagninilay:***

Ang lahat ng humihinga ay dapat kumain upang mabuhay. Ang tao ay may pangangailangang kumain at magpakain upang siya ay patuloy na mabuhay. Kaya naman ang kasaysayan ng tao ay isang kasaysayan sa paghahanap ng pagkain.

Marami ang nagugutom sa ating paligid dahil walang makain o walang nagpapakain. Mababasa natin sa Ebanghelyo na si Jesus ay nagparami ng tinapay. Pinawi niya ang kagutuman ng mga taong nakikinig sa kanyang mga itinuturo. Si Jesus ay patuloy na nagpapakain sa atin. Tinatanggap natin ang kanyang katawan sa Banal na Misa. Si Jesus ang Tinapay ng Buhay.

Isasagawa rin natin ang pagpapakain ni Jesus sa mga nagugutom. Ibahagi natin sa iba ang anumang mayroon tayo.

***Panalangin:***

Panginoon, iniwan mo sa amin ang paraan kung papaano ka namin aalalahanin: ito ay Huling Hapunan. Ito ang kaganapan ng iyong pangangaral, paggawa ng mga himala at pagpapagaling. Ito ang buod ng iyong buong buhay. Iniwan mo sa amin ang isang maliwanag na halimbawa ng paglilingkod at pagpapakumbaba.

Ang Banal na Eukaristiya ay iyong itinatatag sa Huling Hapunan. kami ay naging bahagi ng iyong Katawan. Nakikiisa kami sa iyo at ikaw ay

nanahan sa amin. Binibigyan mo kami ng tunay na pagkain na hindi lumilipas – ang Tinapay ng Buhay na maghahatid sa amin sa buhay na walang hanggan.

Maglalaan kami ng panahon sa iyo. Magsisimba kami tuwing Linggo at Pistang Pangilin. Ikukumpisal namin sa pari ang aming mga kasalanan. Ihahanda namin ang aming mga sarili sa pagtanggap sa iyong mahal na Katawan.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo…*

## IKALAWANG ISTASYON

## ANG PANANALANGIN NI HESUS SA GETSEMANI

**Namumuno:** Sinasamba at pinupuri ka namin, O Cristo.

**Tugon:** Sapagkat sa pamamagitan ng krus ay sinagip mo ang mundo.

Pagbasa sa ebanghelyo ayon kay San Mateo. (26:36-46) (Mk. 14:32-42; Lk. 22:39-46; Jn. 18:1-9)

*At isinama sila ni Jesus sa isang lugar na tinatawag na Getsemani. Sinabi niya sa kanyang mga alagad, "Dito muna kayo; mananalangin ako sa dako roon." Ngunit isinama niya si Pedro at ang dalawang anak ni Zebedeo. At nagsimulang mabagabag at maghirap ang kanyang kalooban. Sinabi niya sa kanila, "Ang puso ko'y tigib ng hapis na halos ikamatay ko! Maghintay kayo rito at makipagpuyatan wsa akin." Pagkalayo nang kaunti, nagpatirapa siya at nanalangin: "Ama ko kung maari'y ilayo mo sa akin ang saro ng paghihirap na ito. Gayunman, huwag ang kalooban ko kungdi ang kalooban mo ang mangyari."*

*Nagbalik siya at dinatnan niyang natutulog ang tatlong alagad. Sinabi niya kay Pedro, "Talaga bang hindi kayo makapagpuyat na kasama ko kahit isang ora mang lamang? Magpuyat kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso. Ang espiritu'y nakahanda ngunit mahina ang laman."*

*Muli siyang lumayo at nanalangin "Ama ko, kung hindi maiaalis ang sarong ito nang hindi ko iinumin, mangyari ang iyong kalooban." Muli*

*siyang nagbalik ad dinatnan na naman niya silang natutulog, sapagkat sila'y antok na antok.*

*Iniwan niya uli ang tatlong alagad at muli siyang nanalangin, at iyon din ang sinabi. Nagbalik na naman siya sa mga alagad at sinabi sa kanila, "Natutulog pa ba kayo at nagpapahinga? Dumating na ang oras na ipagkakanulo ang Anak ng Tao sa mga makasalanan."*

*"Tayo na! narito na ang magkakanulo sa akin."*

Ang Salita ng Diyos.
**Tugon:** Salamat sa Diyos.

***Pagninilay:***

Mahirap maalis sa tao ang kalungkutan. Kaya't kailangan niya ng kaagapay. Ang katapat sa pagtangis ay pagadamay: pag-asa sa anumang pagkabigo. Datapwa't higit ring nakikilala ng tao ang kanyang sarili sa kanyang pag-iisa. Ang tao ay dapat matuto mula sa kanyang pagkakadapa.

Nababatid din natin ang kagandahang loob ng tao sa kanyang pagsuko. Ang tao ay nagiging dakila sa kanyang pagpaparaya.

Hindi ba't napakahalaga para sa atin ang nagging pagtalima ni Jesus sa kagustuhan ng Diyos Ama?

***Panalangin:***

Panginoon, oras na ng katuparan ng gagawin mong pagliligtas. Maibabalik na muli ang nasirang ugnayan ng tao at ng Diyos. Malaki ang kabayaran nito: ang pag-aalay mo ng iyong buhay. Nakakatakot ito at nakapanghihina ng damdamin. Subali't dahil sa liwanag ng iyong mabuting halimbawa ay uunawain na naming ang mga ito at tatalima rin kami sa kalooban ng Diyos.

Ama, mayroon kaming mga pansariling nais gawin pero bago ang lahat, amin itong huhusgahan kung ito ay naaayon sa kalooban ng Diyos o hindi.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo…*

## IKA-TATLONG ISTASYON

## SI HESUS AY HINATULANG MAMATAY

**Namumuno:** Sinasamba at pinupuri ka namin, O Cristo.

**Tugon:** Sapagkat sa pamamagitan ng kru ay sinagip mo ng mundo.

Pagbasa sa ebanghelyo ayon kay San Mateo. (27:15-26) (Mk. 15:6-15; Lk. 23:1-25; Jn. 18:28-19:16)

*Tuwing Pista ng Paskuwa, kinaugalian na ng gobernador ang magpalaya ng isang bilanggo – sinumang mahiling ng taong-bayan. Nooan ay may isang kilalang bilanggo na nagngangalang Barabas. Kaya nang magkatipon ang mga tao tinanong sila ni Pilato, "Sino ang ibig ninyong palayain ko, si Barabas o si Jesus na tinatawag na Cristo?" Alam ni Pilato na inggit ang nag-udyok sa kanila na dalhin sa kanya si Jesus.*

*Hindi lamang iyan. Samantalang siya'y nakaluklok sa hukuman, nagpasabi ang kanyang asawa, "Huwag kang makialam sa taong iyan na walang kasalanan, sapagkat kagabi'y pinahirapan ako ng aking panaginip tungkol sa kanya."*

*Ang mga tao nama'y sinulsulan ng mga pinunong saserdote at ng mga matatanda ng bayan na hilingin kay Pilato na si Barabas ang palayain, at si Jesus ay ipapatay. Muli silang tinanong ng gobernador, "Sino sa dalawa ang ibig ninyong palayain ko?" "Si Barabas po!" sagot nila. Sinabi sa kanila ni Pilato, "Kung gayon, ano ang gagawin ko kay Jesus na tinatawag na Cristo?" Sumagot ang lahat, "Ipako sa krus!" "Bakit, anong masama ang ginawa niya?" tanong ni Pilato. Ngunit lalo pa nilang isinigaw, "Ipako sa krus!" Nang Makita ni Pilato na wala siya magagawa, at malamang pang magkagulo ang mga tao, nagpakuha siya ng tubig at naghugas ng kamay sa harapan ng mga tap. "Wala akong pananagutan sa kamatayan ng taong ito. Bahala kayo!"asbi ni Pilato. Sumagot ang mga tao, "Bumagsak sa amin at sa aming mga anak ang kanyang dugo." At pinalaya niya si Barabas, ngunit ipinahagupit si Jesus at ibinigay sa kanila upang ipako sa krus.*

Ang Salita ng Diyos.

**Tugon:** Salamat sa Diyos.

***Pagninilay:***

Ang tao ay mabilis humatol sa kapwa. Mayroong pagkakataon na siya ay naduduwag na humarap sa katotohanan. Umiiwas o namamaang-maangan. Ang kanyang pananggalang ay ang humatol sa kapwa. Humahataol siya ayon sa panlaba na anyo at hindi sa puso.

Marami ang napapahamak sa maling paghusga. Nangyari it okay Cristo. Uulitin ba natin ito sa ating kapwa-tao?

***Panalangin:***

Panginoon, hinatulan ka ng kamatayan datapwa't wala kang kasalanan. Gumawa sila ng kasinungalingan upang ikaw ay mapahamak. Subalit hindi ka man lamang kumibo.

Bakit ganoon, Panginoon? Alam mong silay ay mali, bakit hindi ka tumutol? Hinamak ka ng lahat ngunit hindi ka sumagot. Tinanggap mo ang parusa at hindi ka man lamang nagpaliwanag. Bakit, Panginoon?

Matuto nawa kami sa iyong kababaang loob. Tinanggap mo ang lahat alang-alang sa amin. Matuto nawa kami na magsabi ng katotohanan at hindi ng panlilinlang. Huwag nawa naming sisiraan ang aming kapwa. Tanggapin nawa namin ang lahat ng tao na iyong kalarawan at dapat naming igalang at mahalin.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo…*

## IKAAPAT NA ISTASYON

## ANG PAGHAMPAS AT PAGPUTONG NG KORONANG TINIK

**Namumuno:** Sinasamba at pinupuri ka namin, O Cristo.

**Tugon:** Sapagkat sa pamamagitan ng krus ay sinagip mo ang mundo.

Pagbasa sa ebanghelyo ayon kay San Mateo.

(27:27-31) (Mk. 15:16-20; Jn. 19:2-31)

*SI Jesus ay dinala ng mga kawal ng gobernador sa pretoryo, at nagkatipon ang buong batalyon sa paligid niya. Siya ay hinubaran nila at sinuotan ng isang balabal na pulang-pula. Naglikaw sila ng halamang matinik at ipinutong sa kanya, saka pinapaghawak ng isang tambo sa kanyang kanang kamay. At palibak siyang niluhudluhuran; kinuha nila ang tambo at siya'y pinaghahampas sa ulo. At matapos kutyain, kanilang inalisan siya ng balabal, sinuotan ng sariling damit at inilabas upang ipako sa krus.*

Ang Salita ng Diyos.

**Tugon:** Salamat sa Diyos.

***Pagninilay:***

Hindi ba't ating naririnig o ating sinasabi "Sinaktan mo ang aking damdamin." Sinasakatan natin ang ating kapwa sa pamamagitan ng matatalim na salita o pagbubuhat ng kamay.

Sinabi ni Jesus, "Anuman ang gawin mo sa maliliit na ito, ay ginawa mo sa akin." Sinasaktan nating muli si Jesus kapag sinasaktan natin ang ating kapwa. Sinasaktan natin si Jesus sa ating patuloy na pagkakasala.

***Panalangin:***

Panginoon, ikaw ang aming Hari. Subalit ano ang ginawa nila sa iyo? Ang iyong setro ay ang haliging bato at ang korona mo ay yari sa tinik. Tiniis mo ang hampas at hagupit. Tinanggap mo ang pagkutyang "Masdan ninyo ang hari ng mga Hudyo." Bajkit? Dahil sa wagas mong pagmamahal sa amin. Maging sino man kami ay mahalaga pa rin kami sa iyo. Ang aming kaligtasan ang nais mo.

Hindi kami karapat-dapat sa iyong pagmamahal, Panginoon. Maraming beses ay ipinagpalit ka naming sa iba. At saka alanganin kami sa pagsunod sa iyo. Natatakot kaming mapahamak an gaming hanapbuhay opopularidad. Naghuhugas-kamay rin kami. At gumagawa kami ng paraan upang makatakas sa responsibilidad. Tulungan mo kami, Panginoon, na maging katulad mo. Kailangan din naming magpakasakit para sa iba. Dapat din kaming matutong mag-alay ng

buhay. Matutuhan nawa naming ang tumalikod sa layaw ng katawad nang sa gayon ay maging tunay mo kaming alagad.

*Luwalhati sa AMA, sa Anak, at sa Espiritu Santo…*

## IKALIMANG ISTASYON

## PINASAN NI HESUS ANG KRUS

**Namumuno:** Sinasamba at pinupuri ka namin, O Cristo.

**Tugon:** Sapagkat sa pamamagitan ng krus ay sinagip mo ang mundo.

Pagbasa sa ebanghelyo ayon kay San Juan.

(19:16-17)

*Kaya't so Jesus ay ibinigay sa kanila ni Pilato upang ipako sa krus. Kinuha nga nila si Jesus. At lumabas siya na pasan ang kanyang krusm patungo sa lugar na kung tawagi'y "Dako ng Bungo" (sa wikang Hebreo'y Golgota)*.

Ang salita ng Diyo.

**Tugon:** Salamat sa Diyos.

***Pagninilay:***

May layunin ang buhay natin ditto sa lupa. Mayroon tayong dapat patunguhan. Mayroon tayong dapat panagutan at dapat na gampanan. Masasabi natin an iuto an gating mumunting krus na dapat nating pasanin. Ang mga ito ay responsibilidad din natin. Ang lahat ng pasanin ay magdadala sa atin sa kabutihan kung susundin natin ang halimbawa n gating Panginoon.

Kung is Jesus ay nagpasan ng krus, tayo pa kaya ang hindi?

***Panalangin:***

Panginoon, tinanggap mo ang krus na mabigat. Isa kami sa mga nagpatong ng krus sa iyong balikat. Ikaw ang nagbayad sa nagawa naming pagkakamali. Pagpapatawad ang iyong isinukli sa aming pagkakasala. Pag-ibig ang iyong ibinigay sa aming mga pagkukulang.

Kay buti mo, Panginoon, subalit ano ang aming iginanti sa iyo? Ayaw na naming magtiis o magpakasakit. Palagi kaming nakapupuna o nagbibintang. Ang aming sarili lamang ang aming kinikilala. Ang iba ay itinuturing naming hadlang sa aming pag-angat sa  buhay. Turuan mo kaming maging tulad mo, O Panginoon.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo…*

## IKAANIM NA ISTASYON

## ANG PAGKAKADAPA NI HESUS

**Namumuno:** Sinasamba at pinupuri ka namin, O Cristo.

**Tugon:** Sapagkat sa pamamagitan ng krus ay sinagip mo ang mundo.

(Walang Pagbasa. Na si Jesus ay nadapa sa pagpasan niya sa krus patungong Kalbaryo ay maaring mahiwatigan sa pagbabasa ng teksto.)

***Pagninilay:***

Ang tao’y hindi laging nagtatagumpay sa buong buhay niya.. Hindi ang lahat ng oras ay mayroong kasiyahan. Mayroon ding panahon ng kagipitan at ng kalungkutan. Mayroon ding oras ng pakikipagtunggali. Datapwa’t hindi dapat manatili ang isang tao sa pagkagupo o sa kalungkutan. Kailangan niyang magsumikap.

Ang mithiin ng Diyos para sa tao ay isang buhay ng makahulugan. Nais niya na ang tao’y lagging nagpupunyagi at hindi umaayaw kung may mga tiisin.

***Panalangin:***

Panginoon, dahil sa bigat ng krus, ikaw ay napasubasob. Labis kang nahirapan a mga hagupit na lumatay sa iyong katawan. Labis kang nanghhina dahil sa maraming dugo na dumanak mula sa iyong ula gawa ng koronang tinik.

Subalit ikaw ay bumangon. Para bang sinasabi mo sa bawat isa sa amin na huwag kaming manatili sa pagkasubasob kung kami ay nadadapa sa putik ng pagkakasala. Kinakailangang bumangon din kami.

Sa tulong mo, Panginoon, babangon kaming muli mula sa isang buhay na walang direksiyon tungo sa isang buhay na naaayon sa kalooban ng Diyos. Babangon kami sa pagkakaalipin sa mga bisyong sugal, alak o drugs tungo sa isang buhay na nakalaang maging kasangkapan mo sa iyong misyong pagliligtas ditto sa lupa.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo…*

## IKAPITONG ISTASYON

## SI JESUS AY TINULUNGAN NI SIMON CIRENEO

**Namumuno:** Sinasamba at pinupuri ka namin, O Cristo.

**Tugon:** Sapagkat sa pamamagitan ng krus ay sinagip mo ang mundo.

Pagbasa sa ebanghelyo ayon kay San Mateo.

(27:32) (Mk. 15:21; Lk. 23:26)

*Paglabas nila ng lunsod, kanilang nakita ang isang lalaking nagnangalang Simon, isang taga-Cirene. Pilit nilang ipinapasan sa kanya ang krus ni Jesus.*

Ang Salita ng Diyos.

**Tugon:** Salamat sa Diyos.

***Pagninilay:***

Isa sa mga magagandang kaugalian nating mga Pilipino ay ang tinatawag na ‘bayanihan.’ Likas sa atin ang magtulungan. Dumaramay tayo sa mga taong nangangailangan o sa mga namamatayan. Ginagawa natin ito dahil sa pag-ibig.

Dahil din sa pag-iig, si Jesus ay nag-alay ng kanyang buhay para sa atin. Balikan natin sa ating isipan an gating nawawaglit na kaugaliang bayanihan at damayan. At sa ating pagtulong itanong natin sa ating sarili kung ito ay dahil sa pag-ibig o dahil sa magiging kapalit nito. Gumaya tayo sa ating Panginoon na hindi nag-iisip sa sariling kabutihan. Ang lahat sa buhay niya, ang buong buhay niya ay para sa iba.

***Panalangin:***

Panginoon, ang bundok ng Kalbaryo ay malayo pa at kinakailangang marating mo ito sa gitna ng iyong mga paghihirap at pasakit. Ngunit walang nagkusang tumulong sa iyo. Kinakailangan pang pilitin ang isang tagamasid.

Tulungan mo kami, Panginoon, na matutuhan naming tumayo para sa iyo. Alisin mo sa aming sarili ang takot na masangkot, ang kaduwagan sa pagdamay, ang pangingiming magbigay kung hindi magagantihan. Gawaran mo kami ng pagkatakot hindi sa tao kundi sa Diyos kung kami’y natutukso sa maling ugaling pakiusapan p “mabuting usapan.”

*Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo…*

## IKAWALONG ISTASYON

## SI JESUS AT ANG MGA BABAENG TAGA-JERUSALEM

**Namumuno:** Sinasamba at pinupuri ka namin, O Cristo.

**Tugon:** Sapagkat sa pamamagitan ng krus ay sinagip mo ang mundo.

Pagbasa sa ebanghelyo ayon kay San Lucas.

(23:27-31)

*Sinusundan si Jesus ng maraming tao, kabilang ang mga babaeng nananaghoy at nananambitan dahil sa kanya. Nilingon sila ni Jesus at sinabi sa kanila, "Mga kababaihan ng Jerusalem, huwag ninyo akong tangisan. Ang tangisan ninyo'y ang inyong sarili at ang inyong mga anak. Tandaan ninyo: darating ang mga araw na sasabihin nila, 'Mapalad ang mga baog, ang mga sinapupunang hindi nagdadalantao, at ang mga dibdib na hindi nagpasuso.' Sa mga araw na iyo'y sasabihin ng mga tao sa mga bundok, 'Gumuho kayo sa sa amin!' sapagkat kung ganito ang ginagawa sa kahoy na sariwa, ano naman kaya ang gagawin sa tuyo?"*

Ang Salita ng Diyos.

**Tugon:** Salamat sa Diyos.

*Pagninilay:*

Madalas ikumpara ng tao ang kanyang sarili sa kanyang kapwa. "Bakit ako at hindi siya?" Bago kumilo ang isang tao iya ay nagatatanong, "Ano ang makukuha ko? Ano ang mapapala ko? Ano ang kapalit? Ang paborito nating salita ay 'ako' at 'akin.' Itinataas natin ang ating sarili at ang sarili ang ginagawa nating pamarisan ng ibang tao.

Mali ito. Ang dapat nating itanong ay "Ano ang magagawa ko para sa aking kapwa?" Parisan natin si Jesus. Tayo ay bale wala kung wala ang Panginoon sa ating buhay.

***Panalangin:***

Sa hiwaga na bumabalot sa amga pangyayari ay hindi nababatid ng mga babaeng taga-Jerusalem na ang dapat nilang tangisan ay ang kanilang mga sarili. Kami man, Panginoon, ay dapat tumangis sapagkat kami ay makasalanan. Kaya mahabag ka sa amin, Panginoon naming Jesus. Wala nga naming kuwenta ang aming buhay rito sa mundo kung mawawalan kami ng grasyang kaloob mo.

Habang sumasama kami sa iyo sa daan ng krus ay ipaubaya mo sa amin ang pagkakataong ito na lumuha kami nang may pagsisisi. Tulungan mo kaming magsisi dahil sa mga ginagawa naming pagtalikod sa iyo.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo…*

## IKASIYAM NA ISTASYON

## SI JESUS AY HINUBARAN AT IPINAKO SA KRUS

**Namumuno:** Sinasamba at pinupuri ka namin, O Cristo.

**Tugon:** Sapagkat sa pamamagitan ng krus ay sinagip mo ang mundo.

Pagbabasa sa ebanghelyo ayon kay San Mateo.

(27:33-35) (Lk. 23:34)

*Pagdating sa lugar na tinatawag na Golgota, na nangangahulugang Pook ng Bungo, binigyan nila si Jesus ng alak na hinaluan ng apdo. Ngunit nang matikman niya ay hindi ininom. Nang maipako na siya sa krus, kanilang pinaghati-hatian ang kanyang mga damit matapos magsapalaran.*

Ang Salita ng Diyos.

**Tugon:** Salamat sa Diyos.

*Pagninilay:*

Nais ng tao na siya ay iginagalang ng lahat. Gumagawa siya ng paraan upang siya ay Makita na maganda o mukhang kagalang-agalang. At tumitingin siya sa panlabas na anyo ng iba: kung mayroon ba o wala; kung may sinasabi ba o wala.

Ngayon ay tingnan naman natin si Jesus: ang katawan niya ay sugatan; ang buong katawan niya ay duguan. Hindi maganda ang kanyang kaanyuan subalit nag-aalay siya ng kanyang buhay para sa lahat ng tao. Alin ang ating pipiliing huwaran?

***Panalangin:***

Panginoon, ikaw ay hinubaran ng iyong mga kaaway. Ikaw ay hindi lamang hinubaran ng damit kundi pati na ng dangal. Tiniis mo ito dahil sa pag-ibig mo sa amin.

Turuan mo kami, Panginoon, na hubarin naming ang ugaling mapagkunwari at pagnanasang magsamantala sa kahinaan ng iba. Bihisan mo kami ng aral mo upang makapag-alay rin kami ng buhay alang-alang sa kapwa.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo…*

## IKASAMPUNG ISTASYON

## ANG PINAGPALANG MAGNANAKAW

**Namumuno:** Sinasamba at pinupuri ka namin, O Cristo.

**Tugon:** Sapagkat sa pamamagitan ng krus ay sinagip mo ang mundo

Pagbasa sa ebanghelyo ayon kay San Lucas.

(23:39-43)

*Tinuya siya ng isa sa mga salaring nakabitin, at ang sabi, "Hindi ba ikaw ang Meiyas? Iligtas mo ang iyong sarili, pati na kami!" Ngunit pinagsabihan siya ng kanyang kasama, "Hindi ka ba natatakot a Diyos? Ikaw ma'y pinarurusahang tulad niya! Matuwid lamang na tayo'y parusahan nang ganito dahil sa ating mga ginawa; ngunit ang taong ito'y walang ginagawang masama." At ang sinabi niya, "Jesus, alalahanin mo ako kapag naghari ka na." Sumagot si Jesus, "Sinasabi ko sa iyo; ngayon di'y isasama kita sa Paraiso."*

Ang Salita ng Diyos.

**Tugon:** Salamat sa Diyos.

***Pagninilay:***

Bakit kaya sa isang pagkakamali ng tao ay nakakalimutan na ang sampung kabutihang kanyang nagawa? Kung minsan kasi ang ating pananaw sa tao ay nakakahon na. Palagi nating inuungkat ang kanyang nakaraan. Bakit natin

kinaliligtaang banggitin ang mga magaganda at makukulay na pagsasamahan natin sa iba?

Tingnan natin ang ating Panginoon. Kinakalimutan niya ang atin madilim na kahapon at pinatatawad niya ang lahat ng ating mga kasalanan. Patuloy iyang nagtitiwala sa ating kabutihan. Ang Panginoon ang ating dakilang huwaran.

***Panalangin:***

Panginoon, isang patak lamang ng banal mong Dugo ay sapat na upang kami ay maligtass. Subalit tinanggap mo ang amga pahirap sa iyo ng mga walang paniniwala sa iyo.

Isang imbing paghamak na ikaw ay ipako sa gitna ng dalawang magnanakaw. Dinagdagan pa ito ng pangungutya, pagtuya at panunukso. Hindi sila nagtagumpa na pagalitin ka. Bagkus ay tiningnan mo ila ng iyong tingin na puno ng pagpapatawad at pagmamahal.

Hindi kami nawalan ng pag-asa na masuklian naming ang iyong pagmamahal.Tulad ng magnanakaw na iyong pinagpala dahil nagsisi siya sa kanyang mga kasalanan, nasisisi rin kami sa pagbibigay ng dalamhati saiyo. Tulungan mo kaming magbalik-loob at maglaan ka sa amin ng lugar sa Paraiso.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo…*

## IKALABING-ISANG ISTASYON

## ANG MAHAL NA INA AT ANG MAHAL NA ALAGAD SA PAANAN NG KRUS

**Namumuno:** Sinasamba at pinupuri ka namin, O Cristo.

**Tugon:** Sapagkat sa pamamagitan ng krus ay sinagip mo ang mundo

Pagbasa sa ebanghelyo ayon kay San Juan.

(19:25-27)

*Nakatayo sa tabi ng krsu ni Jesus ang kanyang ina at ang kapatid na babae nitong si Maria na asawa ni Cleopas. Naroon din si Maria Magdalena. Nang Makita ni ni Jesus ang kanyang ina, at ang minamahal niyang alagad sa tabi nito, kanyang sinabi, "Ginang, narito ang iyong anak!" At sinabi sa alagad, "Narito ang iyong ina!" Mula noon, siya'y pinatira ng alagad na ito sa kanyang bahay.*

Ang Salita ng Diyos.

**Tugon:** Salamat sa Diyos.

***Pagninilay:***

Ang bigyan ka ng isang ina ay isang dakilang pamana. May hihigit pa ba rito? Siyempre, ang ibibigay natin sa ating minamahal ay ang pinakamaganda o ang pinakamahalaga sa atin. Ano ang habilin natin sa isang taong aalis? "Mag-ingat ka!" Ang salitang ito ay may pabaong pagmamahal.

Nang ipinagkaloob ni Jesus ang kanyang mahal na ina sa kanyang mahal na alagad, ipinagkaloob din siya sa atin upang ating maging ina rin.

***Panalangin:***

Panginoong Jesus, hindi ba't nararagdagan ang iyong pagdurusa nang Makita mo ang iyong mahal na Ina na nagdadalamhati dahil sa nangyari sa iyo? Ang mahal mong Ina ay karamay mo sa iyong pagdurusa. Sino nga bang ina ang makakatagal kung nakikita niya ang kanyang anak na pinahihirapan ng iba?

Dahil sa pagmamahal mo sa iyong Ina ay inatasan mo ang iyong alagad na matalik mo ring kaibigan na huwag siyang pababayaan. Mapalad din ang iyong alagad sa pagkakaroon ng isang ina.

Salamat sa iyo, Panginoon, at ibinigay mo sa amin ang iyong Ina upang maging Ina rin naming. Tinatanggap din naming si Maria nang buong puso.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo…*

## IKALABING-DALAWANG ISTASYON

## SI HESUS AY NAMATAY SA KRUS

**Namumuno:** Sinasamba at pinupuri ka namin, O Cristo.

**Tugon:** Sapagkat sa pamamagitan ng krus ay sinagip mo ang mundo

Pagbasa sa ebanghelyo ayon kay San Mateo.

(27:45-50)

*Mula sa tanghaling tapat hanggang sa ikatlo ng hapon ay nagdilim sa buong lupain. Nang mag-iikatlo ng hapon, sumigaw si Jesus, "Eli, Eli, lama sabacthani?" ibig sabihi'y "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" Narinig ito ng ilan sa mga nakatayo roon, at sinabi nila, "Tinatawag niya si Elias!" Agad tumakbo ang isa sa kanila at kumuha ng espongha, tinigmak ng maasim na alak, inilagay sa dulo ng isang tambo at ipinasipsip kay Jesus. Ngunit sinabi naman ng iba, "Hintay muna, tingnan natin kung darating si Elias upang iligtas siya!" Muling sumigaw si Jesus at nalagutan ng hininga.*

Ang Salita ng Diyos.

**Tugon:** Salamat sa Diyos.

***Pagninilay:***

Mayroong dalawang katotohanang sa buhay na mahirap tanggapin. Una, ang tao at tumatanda. Ang ikalawa, ang kamatayan ay darating sa lahat. Masakit tanggapin kapag mayroong minamahal na namatay. Ang tao ay nangungulila, lumuluha at nagtatanong: "Bakit siya pa ang kinuha?"

Ang totoo'y hindi dapat ikalungkot ang kamatayan sapagkat ito ang pinto sa kaharian ng Amang Diyos. Ang kamatayan ang susi upang marating ng tao ang tunay niyang tahanan. Bakit siya mangungulila kung ang minamahal niyang namatay ay makakita na sa Diyos?

***Panalangin:***

Panginoong Jesus, habang nakabayubay ka sa krus ay wala sa mga tinitiis mo ang iyong isip.  Bagkus ay inaalala mo pa ang mga nagpapahirap sa iyo. Tumawag ka sa Ama at sinabi mong "Ama ko, patawarin mo po sila."

Ipinakita mo sa amin ang isang magandang huwaran ng isang pagmamahal na dalisay.  Kailangan naming ang iyong magandang halimbawa sapagkat mahirap magpatawad sa mga taong nagkasala sa amin.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo…*

## IKALABING-TATLONG ISTASYON

## SI HESUS AY INILIBING

**Namumuno:** Sinasamba at pinupuri ka namin, O Cristo.

**Tugon:** Sapagkat sa pamamagitan ng krus ay sinagip mo ang mundo

Pagbasa sa ebanghelyo ayon kay San Mateo .

(27:57-61)

*Bago magtakipsilim, dumating ang isang mayamang taga-Arimathea, na ang ngala'y Jose.  Siya'y alagad din ni Jesus. Lumapit siya kay Pilato at hiningi ang bangkay ni Jesus. Iniutos naman ni Pilato na ibigay ito sa kanya. Kaya't kinuha ni Jose ang bangkay at ibinalot ng bagong kayong lino.  Inilagay niya ito sa sariling libingan na di pa nalalaunang ipinauka niya sa bato. Pagkatapos, iginulong niya sa pintuan nito ang isang malaking bato, saka umalis. Naroon si Maria Magdalena at ang isa pang Maria, na nakaupo sa tapat ng libingan.*

*An*g Salita ng Diyos.

**Tugon:** Salamat sa Diyos.

***Pagninilay:***

Nakikita natin ang kahalagahan ng isang bagay kapag ito ay wala na sa atin.  Bakit nga ba kung alin pa ang wala, siya pang hinahanap-hanap? Madalas

nating marinig ito:  “Kung sino pa ang mahal mo ay siya pang nawawala sa iyo.” Subalit ang kanilang mga salita, gawa o halimbawa ay nananatiling buhay sa ating isipan.

Tulad sa ating Panginoong Jesus.  Lumisan siya sa ating piling subalit nananatili siyang buhay sa atin.  Kung talagang mahal natin si Jesus ay isasabuhay natin ang kanyang mga aral.

***Panalangin:***

Panginoong Jesus, nagsimula ang iyong buhay sa isang hiram na sabsaban at ngayon natapos din ito sa isang hiram na libingan.  Tinupad mo ang kalooban ng iyong Ama.  Naganap na ang pagliligtas sa sanlibutan.  Ibinalik mo sa tao ang dati niyang karangalan.  Napanauli na ang naputol na ugnayan ng tao at ng Diyos.

Malaki ang nagging puhunan mo para sa aming kaligtasan.  Tinubos mo kami sa pamamagitan ng pagbubuhos mo ng iyong mahal na Dugo.  Tulungan mo kami, Panginoon, upang maisabuhay naming ang iyong mga aral at ang nagging buhay mo sa lupa.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo…*

## IKALABING-APAT NA ISTASYON

## SI HESUS AY MULING NABUHAY

**Namumuno:** Sinasamba at pinupuri ka namin, O Cristo.

**Tugon:** Sapagkat sa pamamagitan ng krus ay sinagip mo ang mundo

Pagbasa sa ebanghelyo ayon kay San Mateo .

(28:1-10)

*Makaraan ang araw ng pamamahinga, pagbubukang-liwayway ng unang araw ng sanlingo, pumunta sa libingan ni Jesus si Maria Magdalenaat ang isa pang Maria.  Biglang lumindol nang malakas.  Bumaba mula sa langit ang isang anghel ng Panginoon, iginulong ang batong nakatakip sa libingan,  at naupo*

*sa ibabaw niyon. Amg kanyang mukha ay nakakasilaw na parang kidlat at kasimputi ng busilak ang kanyang damit. Nanginig sa takot ang mga bantay at nabulagtang animo'y patay nang Makita ang anghel.*

*Ngunit sinabi nito sa mga babae, "Huwag kayong matakot; alam kong hinahanap ninyo si Jesus na ipinako sa krus. Wala na siya rito, sapagka't siya'y muling nabuhay tulad ng kanyang sinabi. Halikayo, tingnan ninyo ang pinaglagyan sa kanya. Lumakad na kayo at ibalita sa kanyang mga alagad na siya'y muling nabuhay at mauuna sa Galilea. Makikita ninyo siya roon! Tandaan ninyo ang sinabi ko sa inyo." At dali-dali silang umalis ng libingan. Pinagharian sila ng magkahalong takot at galak. At patakbong nagpunta sa mga alagad upang ibalita ang nangyari.*

*Ngunit sinalubong sila ni Jesus at binate. At lumapit sila, niyakap ang kanyang paa at sinamba siya. Sinabi sa kanila ni Jesus, "Huwag kayong matakot. Humayo kayo at sabihin sa mga kapatid ko na pumunta sila sa Galilea at makikita nila ako roon!"*

*An*g Salita ng Diyos.

**Tugon:** Salamat sa Diyos.

***Pagninilay:***

Kakaiba ang tibok n gating puso kapag muli nating Makita ang isang dating kaibigan. Matamis an gating ngiti kapag ating nasilayan ang isang minamahal. Ang muling pagkabuhay ni Jesus ay nagbigay ng kaligayahan sa kanyang mga alagad. Napawi ang kanilang kalungkutan, alinlangan at takot. Tayo man ay naliligayahan din sa katotohanang nabuhay na mag-uli an gating Panginoong Jesus. Umakyat man siya sa Ama pagkatapos nito ay babalik naman siya sa wakas ng panahon. Kaya siya an gating lagging pag-asa sa buhay.

***Panalangin:***

Panginoong Jesus, sa pagsapit ng tatlong araw,ikaw ay nabuhay na mag-uli. Ang pagkabuhay mo ay nagpapatunay na nalupig mo ang kasalanan at nasupil mo ang kamatayan. Binuksan mo sa amin ang pinto ng langit.

Tulungan mo kami, Panginoon, upang hindi kami malungkot sa pagpasan naming sa aming mumunting krus.  Nawa'y maipamalas naming sa aming salita at halimbawa na ikaw ay buhay sa aming buhay.  Bigyan mo kami ng lakas na maipangaral sa iba ang iyong Salita.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo…*

## PANGHULING PANALANGIN

(Lumuhod ang Lahat)

Panginoong Jesus, sa pagninilay-nilay naming sa daan ng krus na dinaanan mo ay napagtanto naming ang mapait na bunga n gaming nagawang pagkakasala. Ang mahal mong Dugo ang nagging kabayaran para mapalaya kami sa pagkakaalipin ng kasalanan.  Ang buong buhay mo ay kapalit ng iyong pagliligtas sa sangkatauhan.  Tulutan mo kaming maisabuhay ang iyong magandang halimbawa,  ngunit ito ay magagawa lamang naming sa tulong mo.  Wala kaming magagawa sa aming sariling pagkukusa kung hindi mo kami aalalayan.

**Namumuno:** Salamat, O Panginoon, sa ginawa mong pagliligtas sa amin.

**Tugon:** Salamat, Panginoon

**Namumuno:** Salamat, Panginoon, sa pagpapatawad mo sa aming mga kasalanan.

**Tugon:** Salamat, Panginoon.

**Namumuno:** Salamt, Panginoon, sa ipinakita mong pagmamahal sa aming lahat.

**Tugon:** At gabayan mo kami sa buhay na walang hanggang. Amen.

**Namumuno:** O Hesus na nakapako sa Krus!

**Tugon:** Kaawaan mo po kami.

*Ama Namin, Aba Ginoong Maria, Luwalhati sa Ama.*